Melbourne Archdiocese Catholic Schools

Koda ng Pag-aasal para sa Magulang/Guardian/Tagapag-alaga

Stella Maris Catholic Primary School

Ang Stella Maris ay isang paaralan na pinapatakbo nang may pahintulot ng Arsobispong Katoliko ng Melbourne (Catholic Archbishop of Melbourne) at pagmamay-ari, pinapatakbo at pinamamahalaan ng Melbourne Archdiocese Catholic Schools Ltd (MACS). Ang Koda ng Pag-aasal na ito ay nilikha kaugnay sa Stella Maris Patakaran sa Pag-enrol at Stella Maris Kasunduan sa Pag-enrol. Ang mga Magulang/Guardian/Tagapag-alaga ay inaasahang magbabasa, lalagda, at susunod sa Koda ng Pag-aasal para tanggapin ang pag-enrol ng mag-aaral.

Layunin

Ang Stella Maris ay nangangakong magkaloob ng magalang na kapaligiran sa pag-aaral na ligtas, positibo at sumusuporta sa lahat ng mga mag-aaral, kawani at bisita ng paaralan.

Layunin ng Stella Maris na magbigay ng malinaw na mga patnubay sa lahat ng mga magulang at bisita tungkol sa pag-aasal na inaasahan mula sa kanila habang nasa lugar ng paaralan, or at school related places, nakikibahagi sa mga aktibidad na nauugnay sa paaralan o kumakatawan sa paaralan. Ang mga magulang/guardian/tagapag-alaga at mga bisita ay inaasahan na itataguyod ang mga batayang pinahahalagahan ng paaralan sa lahat ng oras.

Saklaw

Ang Koda ng Pag-aasal (Code of Conduct) na ito ay ipinapairal sa lahat ng mga magulang, guardian, tagapag-alaga ng Stella Maris at mga bisita sa paaralan at mga lugar na kaugnay ng paaralan. Ang pagpapairal ng koda (code) na ito ay hindi limitado lamang sa lugar ng paaralan at sa mga oras ng paaralan. Saklaw nito ang lahat ng mga aktibidad at kaganapang nauugnay sa paaralan (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: mga school fete, mga kampo o mga kaganapang pampalakasan, online na aktibidad, atbp.) at kapag bumibisita o kumakatawan sa paaralan.

Mga Prinsipyo

Ang Kodigo ng Pag-aasal na ito ay batay sa mga sumusunod na prinsipyo na ang lahat sa Stella Maris ay:

- may karapatang maging ligtas
- may karapatang tratuhin nang may paggalang at pahalagahan kahit na may hindi pagkakasundo
- may karapatang lumahok sa isang ligtas na kapaligiran nang walang panghihimasok, pananakot, panliligalig, pambu-bully, diskriminasyon o anumang nakakapinsala, nagbabanta o mapang-abusong pag-uugali
- hinihikayat na maging marespeto, magalang, may magandang asal at may konsiderasyon sa iba
- may karapatang masuportahan at mabigyan ng hamon bilang kasalukuyang mga mag-aaral.

Inaasahang pag-aasal at pagkilos ng lahat ng mga magulang / guardian / tagapag-alaga

Inaasahan na ang bawat magulang/guardian/tagapag-alaga ay:

- itataguyod ang mga pangunahing paniniwala at pinahahalagahan ng paaralan
- kikilos sa paraang hindi magdudulot ng panganib sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng kanilang sarili o ng iba

- susundin ang lahat ng tuntunin at pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan na umiiral sa paaralan at sa iba pang mga lugar na maaari nilang bisitahin habang kinakatawan ang paaralan
- titiyakin na ang kanilang mga kilos ay hindi magdudulot ng kasiraan sa paaralan
- igagalang ang mga kawani ng paaralan at tatanggapin ang kanilang awtoridad at ipinag-uutos na naaayon sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa paaralan
- susundin ang lahat ng mga tuntunin ng paaralan gaya ng ipinag-uutos
- mahigpit na tutupad sa mga patakaran at pamamaraan ng paaralan gaya ng ipinag-uutos
- kikilos nang may respeto, magandang asal at may konsiderasyon sa iba
- iiwas sa lahat ng anyo ng pang-aapi at panliligalig
- umiwas sa anumang anyo ng pag-iinsulto o pang-aabuso sa pananalita at sa anumang anyo ng pisikal na pang-aabuso o pananakot
- iiwas sa mga aktibidad, pag-uugali o komunikasyon na makatuwirang maituturing na makakasira sa reputasyon ng paaralan, mga empleyado o mga mag-aaral ng paaralan, kabilang ang mga aktibidad sa social media
- igagalang ang ari-arian ng paaralan at ang ari-arian ng mga kawani, kontratista, boluntaryo at iba pang mga mag-aaral
- hindi darating na lasing sa alak o nasa impluwensya ng mga ipinagbabawal na gamot o iba pang mga sangkap na nakakapinsala sa kalusugan habang bumibisita sa lugar ng paaralan, dumadalo sa mga kaganapan ng paaralan o nakikibahagi sa mga aktibidad sa paaralan
- igagalang ang mga kawani ng paaralan at tatanggapin ang kanilang awtoridad at ipinag-uutos na naaayon sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa paaralan
- pagbabatayan ang Patakaran sa Paghawak ng mga Reklamo (Complaints Handling Policy) ng paaralan upang mahanapan ng kasagutan ang anumang mga problema, at tatanggapin ang mga pamamaraan ng paaralan sa paghawak ng mga usapin sa reklamo.

Hindi katanggap-tanggap na pag-aasal

Kasama sa hindi katanggap-tanggap na pag-uugali, ngunit hindi limitado dito, ang:

- paghipo, paghawak, pagtulak o kaya ay pisikal o sekswal na pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, mga bata o sa ibang tao sa paraang hindi naaangkop at maaaring ilagay sa panganib ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng taong iyon
- anumang anyo ng pisikal o karahasan sa pananalita kabilang ang pakikipag-away, pag-atake o pagbabanta ng karahasan o pag-uugali na nakakapinsala, nagbabanta o mapang-abuso
- paglapit sa isang bata na hindi mo anak na may layuning disiplinahin ang bata dahil sa kanyang pag-uugali. Ang ganitong mga usapin ay haharapin lamang ng mga kawani ng paaralan
- paglapit sa ibang mga magulang ng paaralan upang lutasin ang mga isyu sa pagitan ng mga mag-aaral sa paaralan. Ang ganitong mga bagay ay dapat isangguni sa mga kawani ng paaralan
- anumang uri ng cyber bullying o cyber abuse na nakadirekta sa paaralan, mga kawani, mga mag-aaral o mga magulang o sinumang konektado sa paaralan
- anumang anyo ng mapagbantang pananalita, kilos o pag-uugali
- pagsasalita o pag-aasal na nakakasakit, nagbabanta, mapang-abuso o malamang na makasakit, manligalig, mang-api o hindi patas na magdiskrimina laban sa sinumang mag-aaral, empleyado, kontratista, boluntaryo o iba pang tao
- pakikipag-ugnayan o pakikipag-usap sa mga kawani ng paaralan sa paraang hindi makatwiran (halimbawa, sa email o app) sa dalas o dami ng mga komunikasyon, o sa layunin o tono ng naturang mga komunikasyon
- pagnanakaw, pandaraya o maling paggamit ng mga mapagkukunan ng paaralan
- paggamit ng hindi naaangkop o bastos na mga salita o kilos at larawan
- pagbisita sa paaralan, pagdalo sa mga pagtitipon, palakasan o iba pang mga kaganapan habang lasing sa alak o nasa impluwensya ng ipinagbabawal na gamot o iba pang mga sangkap na nakakapinsala sa kalusugan

- paninigarilyo sa lugar ng paaralan o sa paligid ng paaralan
- pagpapakilala na kinatawan ng paaralan para sa anumang bagay nang walang tahasang pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan na gawin ito.

Paglabag sa koda ng pag-aasal (code of conduct)

Ang mga magulang/guardian/tagapag-alaga, bilang kondisyon sa pag-enrol, ay inaasahang magbabasa, lalagda, at susunod sa [insert school name] Kasunduan sa Pag-enrol, Stella Maris Koda ng Pag-aasal ng Magulang/Guardian/Tagapag-alaga, (**Koda ng Pag-aasal**), at mga kaugnay na patakaran ng paaralan.

Ang mga magulang/guardian/tagapag-alaga na lalabag sa Koda ng Pag-aasal o Kasunduan sa Pag-enrol na ito ay kokontakin ng principal. Ang naaangkop na aksyon, na maaaring kabilang ang paglilimita at pagbabawas ng pag-access sa mga bakuran ng paaralan, pagdalo sa mga kaganapan ng paaralan o mga aktibidad na nakatalaga sa paaralan o, pagtatakda ng mga mandatoryong parameter sa mga pamamaraan at tiyempo ng komunikasyon, o pagpapataw ng Agaran o Patuloy na Kautusang Pangkaligtasan ng Komunidad ng Paaralan ay nasa pagpapasya ng punong-guro at iba pang awtorisadong tao.

Kung ang sinumang magulang/guardian/tagapag-alaga ay:

(a) paulit-ulit na lalabag sa mga tuntunin ng Kasunduan, Koda ng Pag-aasal, at/o nauugnay na mga patakaran ng paaralan (matapos balaan ang magulang/guardian/tagapag-alaga o ang buong pamilya, na anumang karagdagang paglabag ay maaaring magresulta sa pagpapahinto ng pag-enrol); o

(b) nakikibahagi sa pag-uugali sa isang pagkakataon na itinuturing na isang malubhang paglabag sa Koda nf Pag-aasal at/o mga nauugnay na patakaran ng paaralan (kabilang, halimbawa, ang pag-uugali na nagdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng kawani o mag-aaral), ang mga pangyayari ay maaaring magresulta sa pagpapahinto ng pag-enrol ng kanilang anak.

(c) Ang pagpapahinto ng pag-enrol ay maaari ring mangyari kapag sinumang magulang/guardian/tagapag-alaga ay nagsagawa ng pag-aasal sa isang pagkakataon na itinuturing na isang malubhang paglabag sa Koda ng Pag-aasal ng Magulang / Guardian / Tagapag-alaga at/o nauugnay na mga patakaran ng paaralan (kabilang, halimbawa, ang pag-uugali na nagdudulot ng seryosong panganib sa kalusugan at kaligtasan ng kawani o mag-aaral.) Sa mga sitwasyong ito, hindi na kakailanganin pang magbigay ng babala bago isaalang-alang ang pagpapahinto ng pag-enrol.

Ang desisyon na bawiin o ipahinto ang pag-enrol ng isang mag-aaral ay maaari lamang gawin ng Direktor ng Pag-aaral at mga Serbisyong Pangrehiyon (Director, Learning and Regional Services) sa pagsasaalang-alang ng mga sumusunod:

- ang pananaw ng punong-guro ng paaralan
- ang walang kinikilingang pagtatasa ng lahat ng ipiniprisentang mga pangyayari, kabilang ang dahilan at bigat ng pag-aasal at kung may anumang mga naunang babala na ibinigay sa magulang/guardian/tagapag-alaga
- ang mga prinsipyo ng pagiging patas sa pamamaraan ay sinusunod sa proseso ng paggawa ng desisyon, kabilang ang pagbibigay ng pagkakataon para marinig ng mag-aaral at ng kanilang pamilya/guardian/tagapag-alaga, lahat ng nauugnay na impormasyon ay isasaalang-alang.

Bago gawin ang anumang pinal na desisyon ukol sa pagwawakas ng pagpapatala, ang pamilya ng mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataong magkomento at/o magbigay ng anumang nauugnay na impormasyon para sa pagsasaalang-alang nito.

Alinsunod sa naaangkop na batas at sa Patakaran sa Kaligtasan at Kagalingan ng Bata ng paaralan, ang pulisya at/o 'Mga Serbisyo para sa mga Pamilya at Bata' sa Department of Families, Fairness and Housing (DFFH), Commission for Children and Young People (CCYP), at/ o anumang

iba pang may-kinalamang mga lupon ay aabisuhan ng anumang labag sa batas na mga paglabag sa koda (code) na ito.

Koda ng pag-aasal para sa magulang / guardian / tagapag-alaga		
Pangalan ng Magulang 1/Guardian 1/ Pangalan ng Tagapag-alaga 1		
Lagda ng Magulang 1/Guardian 1/ Pangalan ng Tagapag-alaga 1		
Petsa		
Pangalan ng Magulang 2/Guardian 2/ Pangalan ng Tagapag-alaga 2		
Lagda ng Magulang 2/Guardian 2/ Pangalan ng Tagapag-alaga 2		
Petsa		

Talaan ng impormasyon ng patakaran

Responsableng direktor	Direktor, Pag-aaral at Serbisyong Pangrehiyon
May-ari ng patakaran	General Manager, Learning Diversity
Nag-aaprubang awtoridad	Executive Director
Itinalagang lupon ng komite (board committee)	Estratehiya at Patakaran sa Edukasyon
Petsa ng pag-apruba	ika-10 ng Mayo 2025
Rating ng panganib	Mataas
Petsa ng susunod na pagsusuri	Mayo 2025
Mga detalye ng paglathala	CEVN, website ng paaralan

IMPORMASYON SA DATABASE NG PATAKARAN	
Nakatalagang Framework	Pag-enrol ng mga Mag-aaral
Mga kaugnay na dokumento	Patakaran sa Pag-enrol Kasunduan sa Pag-enrol Enrolment Form Koda ng Pag-aasal ng Mag-aaral (Student Code of Conduct)
Pinalitang mga dokumento	Koda ng Pag-aasal para sa Magulang Guardian Tagapag-alaga – v2.0 – 2022
Bagong patakaran	